PAGSASAGAWA NG MGA EPEKTIBONG REMOTE NA PAGDINIG SA PAMAMAGITAN NG BLUEJEANS VIDEO PLATFORM

Habang patuloy ang pandemyang dulot ng COVID-19, napapailalim ang California at ang malaking bahagi ng bansa sa state of emergency. Patuloy pa ring ipinapatupad ang Emergency Rules of Court na inisyu ng California Judicial Council, gayundin ang Emergency Rule 3. Isinasaad sa Emergency Rule 3 ang mga sumusunod:

(a) Mga remote appearance

Anupaman ang nakasaad sa ibang batas, para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, pati na rin ang mga gumagamit ng hukuman, kapwa mga nasa kustodiya at wala sa kustodiyang defendant, testigo, tauhan ng hukuman, opisyal ng hukuman, at iba pa, dapat isagawa ng mga hukuman ang mga paglilitis at operasyon ayon sa mga sumusunod:

(1) Maaaring iatas ng mga hukuman na isagawa ang mga paglilitis at operasyon sa remote na paraan.

(2) Sa mga paglilitis kaugnay ng krimen, dapat makatanggap ang hukuman ng pagsang-ayon ng defendant na isagawa ang paglilitis sa remote na paraan, o kaya ay sundin ang emergency rule 5. Sa kabila ng nakasaad sa seksyon 865 at 977 ng Penal code o anupamang batas, maaaring magsagawa ang hukuman ng anumang paglilitis kaugnay ng krimen sa remote na paraan. Gaya ng nakasaad sa rule na ito, ang “pagsang-ayon ng defendant” ay nangangahulugan na kailangan lang ang pagsang-ayon ng defendant para sa pag-waive sa appearance ng defendant alinsunod sa emergency rule 5. Kapag may ipinakitang mabuting hangarin, maaaring atasan ng hukuman ang sinumang testigo na personal na humarap sa isang partikular na paglilitis.

(3) Sa pagsasagawa ng mga paglilitis sa remote na paraan, kasama rito ang, pero hindi limitado sa, paggamit ng video, audio, at telepono para sa mga remote na appearance; elektronikong pagpapasahan at pag-authenticate ng mga ebidensyang dokumento; e-filing at e-service; paggamit ng remote na interpreting; at paggamit ng remote na pag-uulat at elektronikong pag-record para gawin ang opisyal na pag-record ng isang pagkilos o paglilitis.

(b) Sunset of rule

Patuloy na ipapatupad ang rule na ito hanggang 90 araw matapos ideklara ng Governor na ipinapawalang-bisa na ang state of emergency na nauugnay sa pandemyang dulot ng COVID-19, o hanggang sa amyendahin o bawiin o ipawalang-bisa ng Judicial Council.

Noong Abril 30, 2020, nag-isyu ang Nangangasiwang Hukom ng San Francisco Superior Court ng Pangkalahatang Kautusan Tungkol sa Pagpapatupad ng Emergency Relief, kung saan binabanggit na “Ipinag-uutos ng hukuman na ang paggamit ng available na teknolohiya, hangga't maaari, para magsagawa ng mga paglilitis at operasyon sa hukuman sa remote na paraan, gayundin ang pagsuspinde ng anumang rule sa California Rules of Court sa kondisyon na pipigilan ng nasabing rule ang hukumang ito na gumamit ng teknolohiya para magsagawa ng mga paglilitis at operasyon sa hukuman sa remote na paraan upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, mga tauhan ng hukuman, mga opisyal ng hukuman, mga nagsakdal o isinakdal, at mga testigo.”

Patuloy pa ring napapailalim ang Lungsod at County ng San Francisco sa iba't ibang Kautusan sa Kalusugan ng Publiko kasama na ang “Stay Safer At Home” Order C19-07f at ang “Requiring Face Coverings” order C19-12c.

Isinaalang-alang ng Hukuman ang mga pangangailangan sa kalusugan at kaligtasan ng publiko at mga gumagamit ng hukuman, gayundin ang iba pang salik na nauugnay sa bawat testigo, kasama na ang kahalagahan ng testimonya, ang paghihirap ng testigo, at ang kakayahan ng Respondent na i-cross examine ang mga testigo, sa pagtukoy ng kakayahan nitong makapagbigay ng patas na paglilitis nang may remote na pagbibigay ng testimonya. Bilang pagsasaalang-alang sa hindi pangkaraniwang krisis sa kalusugan ng publiko dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, maaaring ibigay ang ilang testimonya sa pamamagutan ng remote na video

appearance dahil malayo/o may problema sa kalusugan ang testigo kung saan malaki ang tsansa nilang manganib na magkaroon ng impeksyong dulot ng COVID-19.

Samakatuwid, maaaring magbigay ng testimonya ang magkabilang panig at ang mga testigo nang personal o sa remote na paraan gamit ang video sa pamamagitan ng Blue Jeans platform. Mapapailalim pa rin ang kanilang testimonya sa mga pagtutol alinsunod sa Evidence Code § 352 o anupamang pagtutol na may ebidensya na maaaring ipaabot habang isinasagawa ang pagdinig.

Maaaring magbigay ng testimonya ang magkabilang panig at ang sinuman sa mga testigo nito nang personal kung gugustuhin nila, pero dapat ay nakasuot sila ng mask habang nagbibigay ng testimonya sa lahat ng pagkakataon habang nasa loob sila ng courtroom.

Mga Remote na Video Appearance:

1. Ibibigay ng Hukuman sa counsel ang imbitasyon at impormasyon ng pagpupulong sa Blue Jeans. Ang Hukuman o ang taong hinirang nito ang mamamahala at kokontrol sa mga paglilitis, at ang magiging nakatalagang “host” ng video conference, at ang kokontrol sa iba't ibang setting ng teknolohiya. Responsibilidad ng counsel na ipaalam ang mga tagubilin at ang mga kautusan ng Hukuman sa kanilang mga testigo. Pakitingnan ang mga naka-attach na teknikal na kinakailangan.
2. Makikita ang mga tagubilin sa pagsali sa BlueJeans mula sa iyong computer dito: https://pws-bluejeans-drive-prod.s3-us-west-2.amazonaws.com/file/joining_meeting_from_your_computer_guide_-_4-22-17.pdf
3. Responsibilidad ng counsel na ipagbigay-alam ang alituntunin ng Hukuman para sa remote na pagbibigay ng testimonya gamit ang video sa kanilang mga testigo at sa sinupamang inbibiduwal na maaaring dumalo sa pagdinig.

4. Dapat gawin ng mga testigo ang lahat ng kanilang makakaya para matiyak na malinaw ang magiging transmisyon ng video at audio sa panahon ng paglilitis. Responsibilidad ng counsel na tiyaking sapat ang pamilyaridad ng bawat testigo sa BlueJeans. Inirerekomenda sa counsel na sumubok ng kahit isang session lang kasama ang bawat testigo bago ang paglilitis.
5. Dapat sumunod ang lahat ng testigong magbibigay ng pahayag sa pamamagitan ng video sa tamang pag-asal na iniaatas sa courtroom, gayundin sa naaangkop na pananamit, at kumilos nang para bang personal ang kanilang appearance. Hindi maaring kumain at uminom, bukod sa tubig, kape, o tsaa, ang mga testigo habang nasa mga paglilitis.
6. Dapat tumawag ang mga testigo mula sa isang tahimik at pribadong lokasyon kung saan kaunti lang ang ingay sa background. Hindi kailanman dapat tumawag ang testigo mula sa isang umaandar na sasakyan, dahil mahihirapan ang court reporter na i-transcribe ang mga paglilitis dahil sa ingay sa daan na maririnig sa background. Dapat gawin ng mga testigo ang lahat ng kanilang makakaya para walang makita o marinig na abala sa panahon ng kanilang testimonya.
7. Dapat gamitin ng lahat ng kalahok sa kaso ang kanilang buong pangalan kapag nag-sign in sa Blue Jeans. Kung hindi maayos na matutukoy ang isang kalahok, maaari silang tanggalin sa pagdinig.
8. Paglahok sa Pagdinig: Dapat i-access ng mga testigo ang Blue Jeans gamit ang mga kredensyal na ibinigay ng Hukuman 10 minuto bago ang nakaiskedyul na pagsisimula para sa kanilang eksaminasyon. Maaaring dalhin ang testigo sa virtual waiting room kung saan sila mananatili hanggang sa handa na ang Hukuman na papasukin ang

testigo sa virtual courtroom. Maghintay sa waiting room ng Blue Jeans gaya ng paghihintay sa isang aktuwal na courtroom, at unawain na maaaring ilipat ng clerk o opisyal ng hukuman ang testigo papasok sa court session anumang oras.

9. Malinaw dapat na makita ang mukha ng bawat testigo habang sila ay nagsasalita. Hindi dapat magsuot ng mask ang sinumang testigong nagbibigay ng testimonya sa remote na paraan. Hangga't maaari, ipuwesto ang webcam ng bawat testigo sa tapat at nang malapit sa mukha ng testigo. Hindi pinapayagang gumamit ng virtual background, maliban kung sasang-ayunan ng Magkabilang Panig at ng Hukuman.
10. Idi-disable ang function na “pakikipag-chat” sa kabuuan ng pagdinig.
11. Ang paglahok ng bawat testigo ay dapat na alinsunod sa exclusion order ng Hukuman. Responsibilidad ng abugadong tatawag sa testigo na tiyaking may hiwalay na video at audio feed ang testigo. Hindi dapat subukan ng mga abugado na “magbahagi” ng koneksyon sa isang testigo.
12. Pinagbabawalan ang mga testigo na makipag-usap sa counsel sa labas ng Hukuman habang nagbibigay ng testimonya (hal., sa pamamgitan ng text message, pakikipag-chat, pagtawag, pagpapadala ng liham), o sa mga break sa pagitan ng mga nangyayaring pagbibigay ng testimonya.
13. Pinagbabawalan ang mga testigo na gumamit ng mga whiteboard, iPad, smartphone, o iba pang katulad na media sa pagapapadala ng mga mensahe sa labas ng platform ng paglilitis habang nagbibigay ng testimonya.
14. Ipinagbabawal ang pag-impluwensiya ng third party sa mga testigo habang nagbibigay ng kanilang testimonya o kapag nasa break sa pagitan ng mga nangyayaring pagbibigay

ng testimonya, gaya ng paggabay ng isang coach, gamit ang mga whiteboard, live iPad, o iba pang katulad na media.

15. Dapat iikot ng mga testigo ang kanilang video camera sa palibot ng kwarto kapag hiniling ng Hukuman o counsel.

16. Hangga't maaari ay dapat nakatuon ang mata ng mga testigo sa harap ng screen kung saan ipinapalabas ang paglilitis.

MGA PAGDINIG KAUGNAY NG DEPENDENCY[1]

17. Pagbibigay ng Paalala sa Pagdinig: Sa simula ng bawat pagdinig, papaalalahanan ng opisyal ng hukuman ang mga kalahok na isa itong kumpidensyal na pagdinig at na hindi ito maaaring i-record. Maaaring pagmultahin nang hanggang $1,000 kung lalabag.

18. Pagpapatotoo ng Testigo: Bago o matapos manumpa o magpatotoo ng testigo, at bago magsimulang magbigay ng testimonya ang testigo, hihilingin ng Hukuman sa testigo na patotohanang: (a) walang ibang tao sa remote na kwarto kung saan nagbibigay ng testimonya ang testigo maliban sa mga taong inawtorisahan ng Hukuman, kung mayroon man; (b) ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa testigo habang isinasagawa ang eksaminasyon ay ire-record, bukod sa mga pakikipag-ugnayan sa testigo at sa kanilang

[1] Emergency Rule 6(c) Mga pagdinig kaugnay ng foster care at mga continuance sa panahon ng state of emergency:
(1) Maaaring isagawa ng isang hukuman ang anumang paglilitis sa ilalim ng rule na ito sa pamamagitan ng remote na teknolohiya alinsunod sa rule 5.531 at emergency rule 3;
(2) Sa simula ng anumang pagdinig kung saan remote ang isa o higit pang kalahok, dapat ipaalam ng hukuman sa lahat ng kalahok na ang paglilitis ay kumpidensyal, gayundin ang tungkol sa lahat ng posibleng kaparusahan sa paglabag sa pagkakumpidensyal; at
(3) Responsibilidad ng child welfare agency ang pag-abiso tungkol sa mga remote na pagdinig maliban kung may nagawa nang ibang arrangement kasama ang counsel para sa mga magulang at bata. Kinakailangan ang pag-abiso sa lahat ng panig at maaaring kasama rito ang pag-abiso sa pamamagitan ng pagtawag o iba pang elektronikong paraan. Nakasaad dapat sa abiso ang mga instruction kung paano sumali sa pagdinig ng hukuman sa remote na paraan.

abugado o record kapag break; (c) hindi magsasagawa ang testigo ng anumang direkta o hindi direktang komunikasyon sa sinuman sa panahon ng kanyang eksaminasyon maliban sa mga komunikasyong ire-record; at (d) susundin ng testigo ang exclusion order ng Hukuman. May karapatan ang Hukuman na sabihan ang sinumang testigo na lumayo mula sa kanilang webcam para makita ng Hukuman at ng counsel ang mga kamay ng testigo sa kabuuan o ilang bahagi ng testimonya ng testigo.

19. Hindi pinapayagan ang mga testigo na maglagay ng mga note o iba pang dokumento (elektroniko o hard copy) sa kanilang harapan habang nagbibigay ng testimonya, maliban kung ang dokumento ay (i) isang nauna nang minarkahang exhibit, (ii) ipapakita sa platform ng paglilitis, at (iii) kasalukuyang ibinibigay para sa pag-eksamen.
20. Mga Pagtutol: Dapat huminto sa pagsasalita ang testigo kapag nagpahayag ng pagtutol ang sinumang counsel. Matapos magpahayag ng pagtutol, ang Hukuman ang unang magsasalita at sasabihan nito ang counsel kung paano magpapatuloy ang Hukuman
21. Pagkikita at Pagpupulong Bago ang Paglilitis: Dapat magkita at magpulong ang kapwa Panig bago ang paglilitis tungkol sa protokol para sa paggamit ng mga exhibit, kasama ang kumpidensyal na impormasyon at mga selyadong exhibit, sa paglilitis. Dapat magbigay ang kapwa Panig ng napagkasunduang rekomendasyon sa Hukuman bago magsimula ang paglilitis. Kung gustong gumamit ng counsel ng dokumento para sa mga layunin kaugnay ng impeachment na hindi ipinahayag bilang exhibit, dapat mag-email ang counsel ng elektronikong kopya ng dokumento sa Hukuman, counsel sa paglilitis, at testigo sa oras na gustong gamitin ng counsel ang dokumento para sa testigo.

22. Mga Problema sa Teknolohiya: Kung madidiskonekta ang isang testigo sa pagdinig sa pamamagitan ng video, o kung makakaranas siya ng iba pang teknikal na problema, dapat gawin ng testigo ang lahat ng kanyang makakaya para maibalik ang koneksyon at hindi dapat siya magsagawa ng anumang pagkilos na magiging banta sa integridad ng paglilitis (hal. mga pakikipag-ugnayan sa isang third party tungkol sa anumang bagay bukod sa pagresolba sa teknikal na isyu.) Kung hindi maibabalik ang koneksyon sa loob ng humigit-kumulang limang minuto, posibleng magsagawa ng mga hakbang ang Hukuman para "pansamantalang itigil" ang paglilitis, kung saan maaaring kasama ang pagpapalipat ng testigo sa virtual waiting room, at sa panahong iyon, mag-uusap at magkakasundo ang mga counsel, nang may magandang hangarin, na gumawa ng napagkasunduang proposal kaugnay ng pagpapatuloy. Kung mapagpapasyahan ng Hukuman na hindi patas sa anumang panig na ipagpatuloy ang remote na pagbibigay ng testimonya dahil sa isang teknikal na problema, posibleng iantala o tapusin ng Hukuman ang pagbibigay ng testimonya gamit ang video anumang oras, at magsagawa ito ng iba pang hakbang na kinakailangan para matiyak na patas at may integridad ang mga paglilitis.

23. Pagbabawal sa Pag-record: Ipinagbabawal ang anumang pag-record sa isang paglilitis sa hukuman, pati ang mga pag-screen shot o iba pang pagkopya sa visual o audio ng pagdinig. Ang anumang paglabag ay nahahatulan hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga multa, pagbabawal na pumunta sa mga pagdinig sa hinaharap, o iba pang parusang naaangkop para sa Hukuman.

24. Mga Personal na Pagharap: Dapat sundin ng lahat ng taong personal na haharap sa courthouse ang mga direktiba ng San Francisco Public Health sa araw na iyon, kung saan maaaring kasama ang social distancing at pagsusuot ng mask o takip sa mukha. Makikita online ang kasalukuyang direktiba sa Kalusugan ng Publiko ng San Francisco sa: https://sf.gov/topics/coronavirus-covid-19.[2]

[2] Natukoy ng Hukuman na ang mga plexiglass na "sneeze guard" sa kinauupuan ng testigo at ang mga transparent na "face shield" ay hindi nagbibigay ng sapat na proteksyon laban sa COVID-19 virus. Dahil dito, at alinsunod sa Mga Direktiba sa Kalusugan ng Publiko ng San Francisco, ang sinumang testigo na personal na magbibigay ng testimonya ay dapat na magsuot ng takip sa mukha habang nagbibigay ng testimonya.

Mga Teknikal na Kinakailangan ng BlueJeans

Mga Operating System:

- Windows - 10 at 7 (na may SP1+)
- macOS - 10.11+
- Linux - RHEL v7.5, 7.6, 8.0, Fedora 28, 29, 30, CentOS 7, 8 at Ubuntu 18.04, 19.10

Mga Kinakailangan sa Hardware:

Mga Camera: Compatible sa BlueJeans ang halos lahat ng native (na naka-integrate) na webcam. HINDI sinusuportahan sa kasalukuyan ang mga camera na nakakonekta sa pamamagitan ng network (IP Cam). Nakalista sa ibaba ang mga nasuri nang External na Camera.

- Series ng Logitech
- Series ng Microsoft LifeCam

Mga Headset at Mikropono:

Kung gumagamit ka ng laptop na wala pang 5 taon, puwede na ang mga naka-integrate na speaker at mikropono sa laptop.

Mga Nasuri nang Processor:

- Windows: Mga PC na gumagamit ng Intel i3, i5, o i7 na mula sa iba't ibang manufacturer o Note: Mas mainam ang Quad core o mas bago. Posibleng mas mababa ang maging kalidad ng video ng mga CPU na may mababang clock speed.
- Mac: MacBook, MacBook Pro, iMac, Mac Mini

Sa pangkalahatan, matutugunan ng isang PC o Mac computer na hindi hihigit sa 5 taon ang mga kinakailangang ito.

RAM:

4GB ang minimum. 8GB+ ang inirerekomenda

Mga Kinakailangan sa Bandwidth:

Isinasaad ng sumusunod na talahanayan ang iba't ibang sitwasyon at ang inaasahang peak na paggamit ng bandwidth ng mga ito.

Sitwasyon	Paggamit ng Bandwidth
Pagpapadala ng Content + Audio + Video	Hanggang 4.5 Mbps
Pagpapadala ng Content + Audio	Hanggang 4.3 Mbps
Pagpapadala lang ng content	Hanggang 3 Mbps

Note:

- Ang minimum na kinakailangan sa bandwidth para maabot ang 720p ay 1Mbps.
- Inirerekomenda ang 750Kbps para sa pangkalahatang de-kalidad na karanasan sa audio at video sa pamamagitan ng IP.